3 Gastos sa panganganak at iba’t-ibang uri ng benepisyo

3-5 Pansariling sistema ng suporta sa inyong munisipyo

Ayon sa munisipyo, may mga lugar na maaaring bigyan ang isinilang na bata ng pera bilang handog (tanjou iwaikin), o ng regalo (tanjou iwaihin) at pagkuha ng kapanganakan (tanjou no kiroku) o para sa mga tumatanggap ng mababang sahod, binibigyan ng gatas o powdered milk hanggang sa maging isang taon gulang ang bata. Mangyari lamang na makipag-ugnayan sa tanggapan ng munisipyo ng inyong tinitirhang lugar kung may ganitong sistema.

H Panganganak at Pag-alaga ng bata

Bumalik sa TOP ng H Childbirth/childcare

●**Iba’t- ibang uri ng allowance**

Iba’t-ibang uri ng allowance	Ang nilalaman	Mga kondisyon	Proseso / Hakbang
Lump-sum birth allowance (shussan ikuji ichijikin)	Ang halagang matatanggap hanggang Marso, 2011 ay nakatakda sa 420,000 yen.	Pagiging miyembro ng National Health Insurance o health insurance plan	Para sa National Health Insurance, sa tanggapan ng munisipyo, at para sa health insurance, sa pinagtratrabahuhang opisina o sa opisina ng insurance company
Maternity allowance (shussan teatekin, habang nakabakasyon sa trabaho dahil sa panganganak)	2/3 ng halaga ng pamantayang natatanggap sa isang araw (standard daily wage)	1 Mahigit sa isang taon na tuluyang miyembro ng health insurance plan 2 Kapag natanggal sa trabaho, at nanganak sa loob ng 6 na buwan ng pagkawala ng trabaho	Sa inyong kompanya o social insurance office
Iba pang allowance	Regalo o pera	------	Magkaiba ayon sa munisipyo. Makipag-ugnayan sa tanggapan ng munisipyo sa inyong lugar